MISSALETTE

1 NOBYEMBRE 2026 ❖ DAKILANG KAPISTAHAN NG LAHAT NG MGA BANAL ❖ TAON A, B, C



MAPALAD ANG MGA MAY MALINIS NA PUSO, SAPAGKAT MAKIKITA NILA ANG DIYOS

Ngayon unang araw ng Nobyembre ay ipinagdiriwang natin ang Dakilang Kapistahan ng Lahat ng mga Banal, bilang parangal sa mga lalaki at babaeng buong katapatang namuhay ayon sa mga "Mapapalad." Ipinakikita ng kanilang buhay na ang tunay na kaligayahan ay hindi matatagpuan sa kayamanan, kapangyarihan, o kaginhawahan, kundi sa Diyos lamang. Ang kanilang gantimpala ay hindi pagkilala ng mundo, kundi ang kagalakan ng langit. Nawa'y ang pagdiriwang na ito ay magbigay-inspirasyon sa atin na gawing gabay tungo sa kabanalan ang mga Mapapalad at mamuhay araw-araw bilang tunay na mga pinagpala ng Diyos.

PASIMULA

PAMBUNGAD

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Halina't tayo'y magdiwang
sa araw ng mga banal
na pinagsasayang tunay
ng anghel sa kalangitan
sa pagpuri sa Maykapal.

PAGBATI

P –Pagpalain ang Panginoong Diyos na tumawag sa ating makibahagi sa Kanyang kaluwalhatian sa langit. Ang Kanyang biyaya at kapayapaan ay sumainyong lahat.
B –At sumaiyo rin.

PAGSISISI

P –Mga kapatid, ipinagdiriwang natin ngayon ang Araw ng Lahat ng Mga Banal, silang mga hindi nakikilala ngunit buong katapatang sumunod kay Kristo. Alalahanin natin ang ating mga kasalanang humahadlang sa pagtulad sa kanila, at buong kababaang-loob na hilingin ang awa at kapatawaran ng Panginoon. (Sandaling katahimikan)

B–Inaamin ko sa makapangyarihang Diyos at sa inyo, mga kapatid, na lubha akong nagkasala *(Ang lahat ay dadagok sa dibdib.)* **sa isip, sa salita, sa gawa at sa aking pagkukulang. Kaya isinasamo ko sa Mahal na Birheng Maria, sa lahat ng mga anghel at mga banal at sa inyo, mga kapatid, na ako'y ipanalangin sa Panginoong ating Diyos.**

P –Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
B–Amen.

P –Panginoon, kaawaan mo kami.
B –Panginoon, kaawaan mo kami.
P –Kristo, kaawaan mo kami.
B –Kristo, kaawaan mo kami.
P –Panginoon, kaawaan mo kami.
B –Panginoon, kaawaan mo kami.

This issue of *Missalette* may be downloaded for free anywhere in the world. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us an email of a copy of the deposit slip with your name for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

PAPURI

B – Papuri sa Diyos sa kaitaasan
at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong
kinalulugdan niya.
Pinupuri ka namin,
dinarangal ka namin,
sinasamba ka namin,
ipinagbubunyi ka namin,
pinasasalamatan ka namin
dahil sa dakila mong angking kapurihan.
Panginoong Diyos, Hari ng langit,
Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.
Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak,
Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos,
Anak ng Ama.
Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan
ng sanlibutan,
maawa ka sa amin.
Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan
ng sanlibutan,
tanggapin mo ang aming kahilingan.
Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama,
maawa ka sa amin.
Sapagka't ikaw lamang ang banal,
ikaw lamang ang Panginoon,
ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan,
kasama ng Espiritu Santo
sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

PANALANGING PAMBUNGAD

P –Ama naming makapangyarihan,
ipinagkaloob mong aming maparangalan
sa isang dakilang kapistahan
ang kagitingan ng lahat ng iyong mga banal.
Iniluluhog namin, pakundangan sa
napakaraming dumadalangin,
na paapawin mo sa amin
ang kinasasabikang batis ng iyong awa
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.
B –**Amen.**

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Unang Pagbasa — Pah 7, 2-4.9-14

Pagbasa mula sa aklat ng Pahayag

Ako'y si Juan, at nakita kong umaakyat
sa gawing silangan ang isa pang anghel,
taglay ang pantatak ng Diyos na buhay.
Humiyaw siya sa apat na anghel na binigyan
ng Diyos ng kapangyarihang maminsala
sa lupa at sa dagat, "Huwag muna ninyong
pinsalain ang lupa, ang dagat, o ang mga
punongkahoy. Hintayin ninyong matatakan
sa noo ang mga lingkod ng ating Diyos."
At sinabi sa akin ang bilang ng mga
tinatakan—sandaa't apatnapu't apat na libo
buhat sa labindalawang lipi ng Israel.

Pagkatapos nito'y nakita ko ang napaka-
raming taong di kayang bilangin ninuman!
Sila'y mula sa bawat bansa, lahi, bayan,
at wika. Nakatayo sila sa harap ng trono
at ng Kordero, nakadamit ng puti at may
hawak na mga palaspas. Sabay-sabay nilang
sinabi, "Ang kaligtasan ay mula sa Kordero,
at sa ating Diyos na nakaluklok sa trono!"
Tumayo ang lahat ng anghel sa palibot
ng trono, ng matatanda, at ng apat
na nilalang na buhay. Sila'y nagpatirapa
sa harap ng trono at sumamba sa Diyos.
Ang wika nila, "Amen! Sa ating Diyos
ang kapurihan, kadakilaan, karunungan,
pasasalamat, karangalan, kapangyarihan,
at kalakasan magpakailanman! Amen!"

Tinanong ako ng isa sa matatanda, "Sino
ang mga taong nakadamit ng puti, at saan
sila nanggaling?" "Hindi ko po alam," tugon
ko. "Kayo ang nakaaalam." At sinabi niya
sa akin, "Sila ang mga nagtagumpay
sa kabila ng mahigpit na pag-uusig. Nilinis
nila at pinaputi sa dugo ng Kordero
ang kanilang damit."

Ang Salita ng Diyos.
B –**Salamat sa Diyos.**

Salmong Tugunan — Salmo 23, 1-2. 3-4ab. 5-6

B –**Panginoon, ang bayan mo**
ay dumudulog sa iyo.



* Ang buong daigdig, lahat ng naroon,
May-ari'y ang Diyos, ating Panginoon;
Ang mundo'y natayo at yaong sandiga'y
Ilalim ng lupa, tubig kalaliman. **B.**

* Sino ang marapat umahon sa burol,
Sa burol ng Poon, sino ngang aahon?
Sino'ng papayagang pumasok sa templo,
sino'ng tutulutang pumasok na tao?
Siya, na malinis ang isip at buhay,
Na hindi sumamba sa diyus-diyusan;
Tapat sa pangako na binibitiwan. **B.**

* Ang Panginoong Diyos, pagpapalain siya,
Ililigtas siya't pawawalang-sala.
Gayon ang sinumang lumalapit sa Diyos,
Silang lumalapit sa Diyos ni Jacob. **B.**

Ikalawang Pagbasa — 1 Jn 3, 1-3

Pagbasa mula sa unang Sulat ni Apostol San Juan

Mga pinakamamahal: Isipin ninyo kung gaano kalaki ang pag-ibig sa atin ng Ama! Tinatawag niya tayong mga anak ng Diyos —at iyan ang totoo. Ito ang dahilan kung bakit hindi tayo nakikilala ng mga maka-sanlibutan: hindi nila kinikilala ang Diyos. Mga minamahal, sa ngayon, tayo'y mga anak ng Diyos, ngunit hindi pa nahahayag ang magiging kalagayan natin. Gayunman, alam nating sa pagparitong muli ni Kristo, tayo'y matutulad sa kanya, sapagkat makikita natin siya sa kanyang likas na kalagayan. Kaya't ang sinumang may pag-asa sa kanya ay nagpapakalinis, tulad ni Kristo—siya'y malinis.

Ang Salita ng Diyos.
B –Salamat sa Diyos.

Aleluya — Mt 11, 28

B –Aleluya! Aleluya!
Kayong mabigat ang pasan
ay kay Hesus maglapitan
upang kayo'y masiyahan. Aleluya!
Aleluya!

Mabuting Balita — Mt 5:1-12

P –Sumainyo ang Panginoon.
B –At sumaiyo rin.
P –Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo
B –Papuri sa iyo, Panginoon.

Noong panahong iyon, nang makita ni Hesus ang napakaraming tao, umahon siya sa bundok. Pagkaupo niya'y lumapit ang kanyang mga alagad, at sila'y tinuruan niya ng ganito:
"Mapalad ang mga aba na wala nang inaasahan kundi ang Diyos, sapagkat makakasama sila sa kanyang kaharian.
Mapalad ang mga nahahapis, sapagkat aaliwin sila ng Diyos.
Mapalad ang mga mapagpakumbaba, sapagkat tatamuhin nila ang ipinangako ng Diyos.
Mapalad ang mga nagmimithing makatupad sa kalooban ng Diyos, sapagkat ipagkakaloob sa kanila ang kanilang minimithi.
Mapalad ang mga mahabagin, sapagkat kahahabagan sila ng Diyos.
Mapalad ang mga may malinis na puso, sapagkat makikita nila ang Diyos.
Mapalad ang mga gumagawa ng daan sa ikapagkakasundo, sapagkat sila'y ituturing ng Diyos na mga anak niya.
Mapalad ang mga pinag-uusig dahil sa kanilang pagsunod sa kalooban ng Diyos, sapagkat makakasama sila sa kanyang kaharian.
Mapalad kayo kapag dahil sa aki'y inaalimura kayo ng mga tao, pinag-uusig at pinagwiwikaan ng lahat ng uri ng kasamaan na pawang kasinungalingan. Magdiwang kayo at magalak, sapagkat malaki ang inyong gantimpala sa langit."

Ito ang Mabuting Balita ng Panginoon.
B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

HOMILIYA

SUMASAMPALATAYA

B – Sumasampalataya ako
sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat,
na may gawa ng langit at lupa.
Sumasampalataya ako kay Hesukristo,
iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat.
Nagkatawang-tao siya
lalang ng Espiritu Santo,
ipinanganak ni Santa Mariang Birhen.
Pinagpakasakit ni Poncio Pilato,
ipinako sa krus, namatay, inilibing.
Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao.
Nang may ikatlong araw
nabuhay na mag-uli.
Umakyat sa langit.
Naluluklok sa kanan
ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.
Doon magmumulang paririto
at huhukom sa nangabubuhay
at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako
sa Diyos Espiritu Santo,
sa banal na Simbahang Katolika,
sa kasamahan ng mga banal,
sa kapatawaran ng mga kasalanan,
sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao
at sa buhay na walang hanggan. Amen.

PANALANGIN NG BAYAN

P –Mga kapatid, sa pagdiriwang natin ngayon
ng Dakilang Kapistahan ng Lahat ng mga Banal,
inaanyayahan tayo ng Panginoon na yakapin
ang kagalakang dulot ng pamumuhay ayon
sa mga "Mapapalad." Buong tiwala sa awa
at pag-ibig ng Diyos, ilapit natin sa Kanya
ang ating mga panalangin: Panginoon, pabanalin
mo kami at dinggin ang aming panalangin.

B –Panginoon, pabanalin mo kami at dinggin ang aming panalangin.

* Para sa Simbahan: para kay Papa Leon XIV, sa ating mga obispo, kaparian, at mga laykong namumuno, nawa'y mamuhay sila ayon sa mga "Mapapalad" at maging saksi ng lubos na pagtitiwala sa Diyos. Manalangin tayo. **B.**

* Para sa ating mga pinuno: Nawa'y mamuno sila nang may katarungan, maglingkod sa mga nangangailangan, at magsikap para sa kapayapaan. Manalangin tayo. **B.**

* Para sa ating lahat: Nawa'y talikuran natin ang labis na paghahangad sa kayamanan, kapangyarihan, at pansariling kapakanan, at lumago sa kadalisayan ng puso at malasakit sa kapwa. Manalangin tayo. **B.**

* Para sa ating mga yumao: Nawa'y tanggapin sila ng Diyos sa Kanyang walang hanggang Kaharian at pagkalooban ng kagalakang makita ang Kanyang mukha magpakailanman. Manalangin tayo. **B.**

P –Mapagmahal na Ama, dinggin Mo
ang aming mga panalangin at tulungan Mo
kaming mamuhay ayon sa mga "Mapapalad,"
upang makabahagi kami sa buhay na walang
hanggan na Iyong ipinangako sa pamamagitan
ni Kristo na aming Panginoon.
B – Amen.

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

P – Manalangin kayo . . .
B – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

P –Ama naming Lumikha,
maging kalugud-lugod nawa sa iyo ang aming mga alay
sa paghahain namin bilang pagpaparangal sa lahat ng mga banal
at ipagkaloob mong madama namin
ang pagmamalasakit sa aming kapakanan
ng mga kapiling mo sa langit
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.
B – Amen.

PREPASYO: ANG KALUWALHATIAN NG LUNSOD NA INANG JERUSALEM

P – Sumainyo ang Panginoon.
B – At sumaiyo rin.
P – Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.
B – Itinaas na namin sa Panginoon.
P – Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.
B – Marapat na siya ay pasalamatan.
P –Ama naming makapangyarihan,
tunay ngang marapat
na ikaw ay aming pasalamatan.
Ngayo'y niloob mong maging tampok
ang mga mamamayan sa banal na lunsod.
Sa lunsod naming inang Jerusalem
natitipon ang mga kapanalig namin.
Sa iyo'y masaya kaming dumudulog
sapagkat kami'y nananalig ng lubos.
Kaming sambayanan mo ngayo'y natutuwa
sa iyong pagkadakila sa aming mga kapwa.
Sila'y naghahandog ng dalangi't halimbawa
upang sa pagdulog nami'y di kami manghina.
Kaya kaisa ng mga anghel
na nagsisiawit ng papuri sa iyo
nang walang humpay sa kalangitan
kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:
B – Santo, santo, santo
Panginoong Diyos
ng mga hukbo!
Napupuno ang langit at lupa
ng kadakilaan mo!
Osana sa kaitaasan!
Pinagpala ang naparirito
sa ngalan ng Panginoon!
Osana sa kaitaasan!

PAGBUBUNYI

B – Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.

PAKIKINABANG

B –Ama namin . . .
P –Hinihiling namin . . .
B –Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman. Amen.

PAANYAYA SA KAPAYAPAAN

PAGHAHATI-HATI SA TINAPAY

B – Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan,
maawa ka sa amin. (2×)
Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan,
ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

PAANYAYA SA PAKIKINABANG

P –Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
B –Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

ANTIPONA NG PAKIKINABANG

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Mapalad ang may dalisay
na puso at nagbibigay
daan sa kapayapaan
at ang mapagtiis naman
sa pahirap ng kalaban. *(Mt 5, 8-10)*

PANALANGIN PAGKAPAKINABANG

P –Ama naming mapagmahal,
sa pagsamba namin sa iyong kadakilaan
bilang tanging Banal sa gitna ng tanang mga Banal,
hinihiling namin ang iyong kagandahang-loob
na aming pinakikinabangang kabanalan
sa iyong pag-ibig na lubos
upang mula sa hapag na ito
ng mga naglalakbay patungo sa iyo
kami'y makabagtas sa salu-salo
sa langit na bayan naming totoo
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.
B –Amen.

PAGWAWAKAS

P –Sumainyo ang Panginoon.
B –At sumaiyo rin.

P –At pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.
B –Amen.

P –Humayo kayo sa kapayapaan at mamuhay bilang mga banal na anak ng Diyos.
B –Salamat sa Diyos.

Get your special

WALL CALENDARS

from
Word and Life Publications!

- Perfect for Christmas gifts and Corporate Giveaways
- With free personalized greetings for bulk orders

Also available:
Wall Calendars with Jesus, Mary, and popular saints

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
Tel. Nos. 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. R. De Guzman, J. Lacandazo, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Marketing:*** M. Rodriguez, J. Manzano • ***Circulation:*** R. Saldua